



Ang pagiging handa ay pananatiling ligtas.

Antabayanan ang iyong mga tabletang KI sa koreo.
Para sa karagdagang impormasyon,
bumisita sa www.preparetobesafe.ca





ANG KALIGTASAN AY PINAGHAHANDAAN.

Sa malamang sa hindi na mangyayari ang nukleyar na aksidente, ang tabletang potassium iodide (KI pill) ay isang mahalagang bahagi upang ikaw at ang iyong pamilya ay mapanatiling ligtas. Walang masama sa pagiging masyadong handa.

Ano ang potassium iodide (KI)?

Ang KI (kemikal na pangalan para sa potassium iodide) ay isang asin ng matatag (hindi radyoaktibo) na iodine. Ito ay mahalagang nutrisyon na kailangan sa maliliit na dosis para gumana nang maayos ang thyroid gland. Ang KI ay makukuha bilang isang tableta at madaling lunukin.

Bakit ako nakakatanggap nito ngayon?

Ang Komisyon ng Kaligtasang Nukleyar ng Canada (Canadian Nuclear Safety Commission, CNSC) ay isang pederal na ahensiya na sumusubaybay sa ligtas na operasyon ng mga istasyong nukleyar. Inaatas nito ngayon na lahat ng tahanan at negosyo sa loob ng 10 km ng istasyong nukleyar na makatanggap ng mga tabletang KI. Hanggang ngayon, ang mga tableta ay makukuha lamang sa mga parmasiya. Inaatas ngayon ng CNSC na ipadala ito sa bawat tahanan at negosyo dahil sa pinataas na pamantayan sa kaligtasan.

Ano ang ginagawa nito?

Ang bisa ng KI bilang isang ispesipikong pangharang sa pagsipsip ng thyroid radioiodine ay napatunayan na. Kung iinumun sa tamang dosis at sa tamang oras, ang KI ay mabisa sa pagpapababa ng peligro ng cancer sa mga indibidwal o populasyon na nasa panganib na makalanghap o makakain/makainom ng radioiodine. Pinupuno ng KI ang thyroid ng iodine na hindi radyoaktibo at pinipigilan ang pagsipsip ng mga radyoaktibong molekyul. Hindi nagpoprotekta ang KI laban sa ibang mga uri ng radyasyon.

Kailan ko dapat inumin ito?

Sa malamang sa hindi na mangyayari ang isang emerhensiya, ang Pinunong Medikal na Opisyal ng Kalusugan ng Ontario ay magbibigay ng mga tagubilin sa pamamagitan ng radyo, TV, Internet at iba pang maaaring paraan kung saan, kailan, at paano at kung sino-sino ang dapat na uminom ng KI. Mahalaga na maghintay sa abisong ito. Huwag inumin ang mga tableta maliban na lamang kung sinabihan ka. Kailangan mo lamang inumin ang mga tableta sa maikling panahon, mga 1-2 araw.

Ano ang kasama sa aking pakete ng tabletang KI?

Ang pakete ay maglalaman ng 20 tableta ng KI, sapat para sa 5 nasa wastong gulang o 10 bata, o anumang kombinasyon para sa dalawang araw. Sapat na panahon na ito para sa haba ng panahon ng anumang pagkakalantad sa malamang na hindi na nukleyar na pangyayari. Maglalaman din ang pakete ng buklet ng impormasyon tungkol sa tabletang KI at paggamit nito. Kung kailangan mo ng mahigit sa 20 tableta, mayroong mga tagubilin kung paano humingi ng dagdag.

Gaano kadami ang dapat kong inumin?

Buntis o nagpapasusong mga babae	2 tableta (1 pang-isang dosis lamang)
Mga nasa wastong gulang 18+	2 tableta kada 24 oras
Mga bata 3 - 18	1 tableta kada 24 oras
Mga bata 1 buwan - 3 taon	½ tableta araw-araw dinurog sa pagkain o inumin
Mga batang wala pang 1 buwan	¼ tableta na tinunaw sa inumin (1 pang-isang dosis lamang)

Kung kinakailangan, para sa mga mas malilit na bata, ang mga tableta ay maaaring durugin sa pagkain o ihalo sa mga inumin.

Kung sakaling masobrahan ng dosis, agad na humingi ng medikal na tulong o tumawag sa Sentro ng Pagkontrol ng Lason (Poison Control Centre). Tumawag sa 1-800-268-9017 o 416-813-5900

Mayroon bang anumang mga side effect?

Ang panganib ng side effect mula sa pag-inom ng dosis ng KI ay lubhang napakababa para sa lahat ng grupo ng edad na may normal na gumaganang thyroid. Ang pangkalahatang benepisyo sa panahon ng nukleyar na emerhensiya ay mas matimbang kaysa sa panganib ng mga side effect.

Mayroong pinataas na panganib ng mga side effect para sa mga taong may sakit sa thyroid, hal., auto-immune thyroiditis, Graves' disease, kakulangan sa iodine at nodular goiter. Ang mga sakit na ito ay karaniwan sa mga nasa wastong gulang at nakakatanda, at madalang sa mga bata.

Ang mga hindi karaniwang mga side effect sa ibang parte ng katawan, gaya ng mga epekto sa gastrointestinal o sobrang sensitibong reaksiyon ay maaaring mangyari pero karaniwang hindi malala.

Ang mga taong sensitibo sa iodine, mayroong o nagkaroon ng sakit sa thyroid, o iba pang mga alalahanin, ay dapat na komunsulta sa kanilang mga doktor o nurse practitioner bago uminom ng KI.

Paano ako aabisuhan sa panahon ng nukleyar na emerhensiya?

Mga sirena, radyo, telebisyon, Internet, awtomatikong tawag sa telepono at social media.

Ano ang gagawin ko?

- 1. Pumasok sa loob at buksan ang inyong radyo o telebisyon para sa mga tagubilin**
- 2. Makinig sa mga balita sa media**
- 3. Sumunod sa mga tagubilin na ibinigay ng mga opisyal ng pamahalaan**
- 4. Sumunod sa mga tagubilin para sa: paglikas, pagkubli sa kinaroroonan, pag-inom ng tabletang KI, pag-ulat sa sentro ng tanggapan para sa pagsubaybay**

Hindi ba't mabilis na mangyayari ang isang nukleyar na aksidente para makatugon?

Hindi. Sa malamang na hindi na mangyayari ang pagkaroon ng pagtagas na radyoaktibo, aabutin ng maraming oras at araw upang malantad. May panahon upang tumugon sa mga pang-emerhensiyang tagubilin.

Saan ko malalaman ang higit pa?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin, bumisita sa www.preparetobesafe.ca. Kung nais mo ng dagdag na impormasyon tungkol sa programa ng pamimigay ng KI sa Durham Region, mangyaring tumawag sa 1-800-841-2729; sa Toronto, maaari kang tumawag sa 311.

Para sa karagdagang impormasyon, maaari ka ring tumawag sa Telehealth Ontario sa 1-866-797-0000.